



PATNUBAY SA MISA

5 Setyembre 2021

Ika-23 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

Si Hesus ang Mahabagin na Tagapagpagaling ng Bingi at Pipi

Isang masaklap na kapansanan ang pagkabingi at pagkapipi. Ngunit masahol pa sa pisikal na pagkabingi at pagkapipi ay ang mga anyong espirituwal ng ganitong mga “kapansanan” – ang kawalan ng kapangyarihan o kagustuhang makinig sa Salita ng Diyos at tumugon dito, o ang pagtanggap makinig sa mga daing ng ating kapwa at tumugon dito nang buong habag at pagmamahal.

Naibalik ni Hesus sa isang bingi at pipi ang mga biyayang makarinig at makapagsalita. Kaya rin niyang gumawa ng lalong malaking himala ng pagpapagaling sa mga espirituwal na bingi at pipi sa atin. Sa Eukaristiyang ito, magpakumbaba at buong pananalig tayong manalangin na makadulog kay Hesus, at maging handang sumunod sa kanya upang malinaw nating mapakinggan ang Salita ng Diyos sa ating mga puso. Ito ang makagaganyak sa atin na tumugon nang bukas-palad sa pagtawag ng ating kapwa at ipahayag ang Kanyang kaluwalhatian sa salita at sa gawa.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ikaw ay tama at banal sa tapat mong kautusan, Panginoong aming mahal. Kami'y iyong pag-ukulan ng lugod mo't kasiyahan.

Pagbati

P–Si Hesus ang Tagapagligtas na gumagawa ng lahat ng buti. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga Banal na Misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin natin ang biyayang sambahin ang Panginoon nang may malinis na

kalooban. *(Manahimik saglit.)*

P–Panginoon, iminulat mo ang bulag. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoon, binuksan mo ang mga tainga ng bingi. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoon, ikaw ang bukal ng aming pag-asa at kaligtasan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hangan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan

at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A “love offering” for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to “Word & Life Publications.” Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. Thank You!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos mo at kinupkop ay tungkahan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob upang sa pagsampalataya sa Anak mong si Kristo, makamantan ang kalayaan at pamana sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 35:4-7

Dulot ni Isaias sa mga ipinatapon sa Babilonia ang isang makahulugang paglalarawan ng mapagligtas na pamamagitan ng Panginoon alang-alang sa Kanyang bayan. Napawi ang lahat ng tanda ng pagdurusa at pang-aapi, salamat sa mapagligtas na pagmamahal ng Diyos.

L– Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ito ang sabihin sa pinanghihinaan ng loob: “Huwag kang matakot, lakasan mo ang iyong loob, darating na ang Panginoong Diyos, at ililigtas ka sa mga kaaway.

Ang mga bulag ay makakikita, at makaririnig ang mga bingi; katulad ng usa, ang pilay lulundag, aawit sa galak ang mga pipi. Mula sa gubat ay bubukal ang tubig at ang mga batis dadaloy sa ilang; ang umuusok na buhanginan ay magiging isang lawa, sa tigang na lupa ay babalong ang tubig.”

Ang Salita ng Diyos!
B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 145 **B**–*Katul’wa ko, ‘yong purihin ang Panginoong butihin!*

R. M. Velez



* Ang maaasahang lagi’y Panginoon, panig sa naapi, ang Diyos na hukom; may pagkaing handa, sa nangagugutom. **B.**

* Pinalaya niya ang mga nabihag; isinasauli, paningin ng bulag. Lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hini-rang niya’y nililingap. **B.**

* Isinasanggalang ang mga dayuhang sa lupain nila’y doon tumatahan; tumutulong siya sa balo’t ulila, masamang balangkas pinipigil niya. **B.**

* Walang hanggang Hari, ang Diyos na Poon! Nabubuhay lagi ang Diyos mo, Sion! **B.**

Ikalawang Pagbasa San 2:1-5

Ano mang paghamak sa mahihirap ay labag sa Kristiyanong pagmamahal, pagkat sila man ay mga kabahagi ng Katawan ni Kristo. Dapat nating tularan ang halimbawa ng Diyos na may tanging pagtingin at pagmamahal sa mahihirap.

L– Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol Santiago

Mga kapatid, bilang sumasampalataya sa ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Panginoon, huwag kayong magtatangi ng tao. Halimbawa: pumasok sa inyong kapulungan ang isang lalaking nakasingsing ng ginto at nakadamit nang magara, at isa namang dukha na panay sulusi ang damit. Kung asikasuhin ninyong mabuti yaong magara ang damit at sabihin sa kanya, “Dito kayo maupo,” at sabihin naman sa dukha, “Tumayo ka na lang diyan,” o kaya’y “Sa sahig ka na lang maupo,” nagtatangi na kayo at humahatol nang mali.

Tingnan ninyo, mga kapatid kong minamahal! Hini-rang ng Diyos ang mga dukha sa sanlibutan upang maging mayaman sa pananampalataya at maging kasama sa kahariang ipinangako niya sa mga umiibig sa kanya.

Ang Salita ng Diyos!
B –Salamat sa Diyos!

Aleluya

B –Aleluya! Aleluya!

Ipinangal ni Hesus ang paghahari ng Diyos. Sakit ay kanyang ginamot.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 7:31-37

Ipinahayag ni Isaias na tatampukan ng mga dakilang himala ang pagdating ng Mesiyas. Ang inilalarawan sa sipi ngayon ng Ebanghelyo ay bahagi ng katuparan ng kanyang propesiya.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B –Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, pagbalik ni Hesus mula sa lupain ng Tiro, dumaan siya sa Sidon, at nagtuloy sa Lawa ng Galilea, matapos tahakin ang lupain ng Decapolis.

Dinala sa kanya ang isang lalaking bingi at utal at ipinamanhik nila na ipatong sa taong ito ang kanyang kamay. Inilayo muna siya ni Hesus sa karamihan, at isinuot ang kanyang mga daliri sa mga tainga nito. Pagkatapos, lumura at hinipo ang dila nito. Tumingala si Hesus sa langit at nagbuntong-hininga, at sinabi sa tao, “*Effata*,” ibig sabih’y “Mabuksan!” At nakarinig na ito, nawala ang pagkautal at nakapagsalita na nang malinaw. Sinabi ni Hesus sa mga tao na huwag ibalita ito kaninuman; ngunit kung kailan sila pinagbabawalan ay lalo naman nilang ipinamamali ito.

Sila’y lubhang nanggilalas, at ang wika, “Anong buti ng lahat ng kanyang ginawa! Nakaririnig na ang bingi, at nakapagsasalita ang pipi!”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B–Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng na-ngamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Sa kabila ng mga biyayang dulot ng makabagong agham at teknolohiya, nakararanas pa rin tayo ng kakulangan at limitasyon sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Kailangan pa rin natin ang mapagligtas na pamamagitan ng Diyos sa ating buhay. Kaya manalangin tayo:

B –Panginoon, dinggin Mo kami!

* Para sa mga Simbahang Katoliko: Nawa magtagumpay siya sa pagtataguyod ng pangmatalagalang kapayapaan at tapat na pakikipagkasundo sa mga bansa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga pinanghihinaan ng loob at waring napapabayaang ng lahat: Nawa makatagpo sila ng malinaw na tanda ng pagkalinga ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga may kapansanang pisikal: Nawa makadama sila ng pagtanggap at pagmamahal sa kanilang mga kamag-anak at pasanin nila ang kanilang krus nang buong pananalig. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga binging espirituwal at moral: Nawa buksan ng biyaya ng Diyos ang kanilang mga kalooban sa pagtanggap ng mensahe ng Mabuting Balita at tumugon sila sa mga daing ng kanilang kapwa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga piping espirituwal at moral: Nawa makatagpo sila kay Hesus ng lakas ng loob na magpahayag ng katotohanan, manindigan sa tama, at isumpa ang masama. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Manahimik saglit.*)
Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Diyos, panghihinaan kami ng loob kung wala Ka, ngunit kung kasama Ka namin, may magagawa kaming mga kadakilaan. Pagalingin Mo kami ngayon sa aming mga pangamba, kahinaan, at kapintasan nang kami'y mabuhay sa iyong presensiya nang may pinasiglang kalooban. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.
B –Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ikaw ang gumagawa ng wagas na katapatan at kapayapaan. Ipagkaloob mong ang iyong kadakilaan ay aming handugan ng iyong minamarapat na aming maialay at nawa'y magkaisa kami sa pakikinabang sa banal na paghahaing ngayo'y ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B –Amen!

Prepasyo III

P –Sumainyo ang Panginoon!

B –At sumaiyo rin!

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B –Itinaas na namin sa Panginoon!

P –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B –Marapat na siya ay pasalamatan!

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya't ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkaligaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa

ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito ang Panginoong Hesus. Nang dahil sa kanya, nakaririnig ang mga bingi at nakapagsasalita ang mga pipi. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Kami'y usang nauuhaw sa tubig na nasa bukal, ika'y pinananabikan, Diyos naming minamahal, tubig kang buhay ang alay.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa iyong salita at piging na banal ay iyong pinalalakas at iyong binubuhay. Pagindapatin mong kami'y makapakinabang sa buhay ng iyong Anak na para sa ami'y sarili niya ang alay bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!



Inililigtas Tayo ni Hesus sa Lahat ng Sagabal

Jess P. Balon • Isinalin ni Cecilia G. Valmonte, EdD

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalanin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

– Pagpalain nawa kayo ng Diyos sa lahat ng bagay at pagkalooban kayo ng kapayapaan sa inyong buong buhay.

B – Amen!

P – Iligtas nawa Niya kayo sa lahat ng alalahanin at pasiglahin nawa ang inyong mga puso sa Kanyang pagmamahal.

B – Amen!

P – Pagyamanin nawa Niya kayo ng Kanyang mga kaloob na pananampalataya, pag-asa, at pagmamahal upang ang anumang gawin ninyo rito sa buhay na ito ay magdulot sa inyo ng kaligayahan ng buhay na walang hanggan.

B – Amen!

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.

B – Salamat sa Diyos!

May mga anyo ng pagkabingi at pagkapipi na higit na malala kaysa sa kasong binabanggit sa Ebanghelyo ngayon. At marahil, tayo man ay mistulang nagdurusa sa ganitong kapansanan. Marami riyan ang bingi sa kaayusan ng kalikasan, sa mga daing ng mga nagdurusa at naaapi. Sila'y bingi sa tinig ng Diyos! Di ilan lamang ang nagpapalala sa kanilang pagkabingi sa pamamagitan ng kanilang pagkabaon sa maiingay na lungga ng kung anu-anong bisyo . . .

Marami rin ang espirituwal na pipi. Mistulang napaparalisa ng mahiwagang kahinaang moral ang kanilang mga dila. **Di sila makapagsalita ng katotohanan, katarungan, o karunungan. Di man sila makabigkas ng mga salita ng panalangin sa Diyos . . .**


Iyon ang malungkot na kapalaran ng sangkatauhanang lubog sa pagkakasala. Para pagalingin ang lahat ng tao sa ganitong mga anyo ng pagkabingi at pagkapipi kung kaya naparito sa atin ang banal na Tagapagpagaling.

Araw-araw siyang naparirito upang pagalingin tayo ng kanyang presensiya. Handa siyang buksan ang ating mga tainga at palayain ang ating mga dila. **Ipinatutungkol niya sa atin ang kanyang Salita ng buhay. Nais niyang ulitin**

ng ating mga labi ang kanyang Salita nang buong katapatan.

Gayunman, ang bunga't kalalabasan nito'y nasa ating pagtugon. Kung tayo, sa ating pagmamataas, ay magsasara ng ating mga puso sa mga inspirasyon at panawagan ng Diyos, lalampas sa atin ang Kanyang mapagpagaling na kapangyarihan at maiiwan tayo sa walang tinig na libingan ng isang buhay na makasalanan. Ngunit **kung tayo nama'y tulad ni Samuel na magsasabing: "Magsalita po kayo, nakikinig ang inyong lingkod!"** (1 Sam 3:10), **maraming himala ang mangyayari araw-araw.** At ang Salitang nagpapayaman sa ating kalooban ay siyang magbubukas sa ating mga labi sa pagbibigay-puri at pasasalamat sa Kanya, sa pananalita ng pagmamahal, pagmamalasakit at pakikipagkaisa sa ating kapwa.

Lahat ng ito at higit pa ang tutulutan ng Diyos na maganap sa atin kung hahayaan lamang nating makapangyari ang ibig Niya. Sa ating bautismo, pinagpala ang ating mga tainga at mga labi, at ang salitang **"Ephphatha!"** (na ang ibig sabih'y "Mabuksan nawa!") ay nabigkas na. **Nasa atin na para mapanatili nating buhay at mabisa sa atin ang kapangyarihan ng salitang iyon ni Kristo.**



Get hold of . . .

MARY, MOTHER OF THE REDEEMER

a pamphlet of 32 pages, all in classic paintings depicting the life of the Mother of Jesus, with corresponding narrative.

Price/copy:

P 40 (full color)

P 25 (cover in full color; inside: B/W)

The pamphlet contains also:

- * **Mary's Prayer** (the "Magnificat") and
- * **Prayers to Mary** (all the most beautiful prayers to Our Blessed Mother, including the Litany of Loreto).

This booklet available in all Catholic and parish bookstores and thru
Shopee: [Shopee.ph/wordandlifefeligiousstore_2021](https://www.shopee.ph/wordandlifefeligiousstore_2021)



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Valmonte, J. Domingo, M. Vibiesca, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua